Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-DALAWAMPU'T PITONG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-16 NG HULYO, 1997 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1. Kgg. ARTURO M. TIONGCO - Kagawad, Namuno
2. Kgg. O. RAMON L. LIJAUCO - Kagawad
3. Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE - Kagawad
4. Kgg. PAULINO Y. CAMACLANG, Jr. - Kagawad
5. Kgg. LUISITO B. ALGABRE - Kagawad
6. Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR - Kagawad
7. Kgg. URBANO J. DIA - Kagawad
8. Kgg. ROMEO P. AALA - Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-Barangay
9. Kgg. FRANCISCO G. ALMIRA, Jr. - Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

Di-Dumalo:

1. Kgg. RUFINO P. TAPANGCO - Kagawad

****

KAPASIYAHAN BLG. 136-'97
(Sa mungkahi ni Kag. Lijauco na pinangalawahan ni Kag. Dia)

ANG KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY PAHINTULOT NA MAITAYO ANG GUSALI NA GAGAMITING BARANGAY HALL AT BARANGAY HEALTH CENTER NG BARANGAY IBABA SA BAHAGI NG OPEN SPACE NG AMBROCIA SUBDIVISION, BARANGAY IBABA.

YAYAMANG, ang open space ng Ambrocia Subdivision ay pag-aari na ng pamahalaang bayan alinsunod sa Kasulatan ng Pagkakaloob na nilagdaan ng Punong-bayan at ng may-ari ng Ambrocia Subdivision sa bisa ng pinagtibay na Kapasiyahan Blg. 72 at 73, Taong 1988;

YAYAMANG, ang Sangguniang Barangay ng Barangay Ibaba ay mapalad na mapagkalooban ng proyekto ng Punong-lalawigan Jose D. Lina para sa gusaling gagamiting barangay hall at barangay health center;

YAYAMANG, ang proyektong nabanggit ay sa kagalingan ng mga taga-Barangay Ibaba na hindi na kinakailangang pumunta pa sa kabayanan upang mabigyang serbisyong pang kalusugan at gayundin ay upang magkaroon ng maayos na tanggapan ang pamunuang barangay.

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagbibigay pahintulot na maitayo ang gusali na gagamiting Barangay Hall at Barangay Health Center ng Barangay Ibaba sa bahagi ng open space ng Ambrocia Subdivision, Barangay Ibaba.

IPINASIYA PA RIN na atasan ang Punong-barangay ng Barangay Ibaba na makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Pambayang Inhinyero para sa maayos na paglulugal sa gusaling itatayo.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) JOSE B. CATINDIG, JR.
Pangalawang Punong-bayan at
Nanunungkulang Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasihang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-27 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-16 ng Hulyo, 1997.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim